Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
Bayan ng Santa Cruz

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NOONG IKA- 15 NG NOBYEMBRE, 2000, MIYERKULES, SA GANAP NA IKA-9:35 NG UMAGA.

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| KGG. HEIDI S. CIRIACO | .................................. | PANG. PUNONG BAYAN Tagapangulo |
| Kgg. Eugenio A. Javier, Jr. | .................................. | Kagawad |
| Kgg. Florencio C. Odejar | .................................. | Kagawad |
| Kgg. Ricardo B. Ramirez | .................................. | Kagawad |
| Kgg. Bernardo E. Ison | .................................. | Kagawad |
| Kgg. Louie C. de Leon | .................................. | Kagawad |
| Kgg. Ariel T. Magcalas | .................................. | Kagawad |
| Kgg. Edgardo T. Porca | .................................. | Kagawad |
| Kgg. Jaime Alexander T. Calupitan | .......................... | Kagawad |
| Kgg. Angelito U. Limjuco | .................................. | Kagawad |
| Kgg. Jeffrey A. Villaseñor | .................................. | Kagawad |

*KAPASIYAHAN BLG. 345-T'2000*

*KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY PAGLALAAN NG HALAGANG LABINSIYAMNA LIBO PITONG DAAN AT SAMPUNG PISO (P19,710.00) UPANG MAGSILBING GUGULIN PARA SA GAGANAPING SEMINAR WORKSHOP TUNGKOL SA BINAGONG KODIGO SA BUWIS SA IKA-4 AT 5 NG DISYEMBRE, 2000.*

*SAPAGKA'T*, may kahilingang iniharap sa sangguniang ito tungkol sa paglalaan ng halagang P19,710.00 upang magamit sa gaganaping Seminar-Workshop ukol sa pangongolekta ng butaw at iba pang bayarin sa negosyo, base sa Binagong Kodigo ng Buwis, sa ika-4 at 5 ng Disyembre, 2000;

SAPAGKA'T, ang naturang halaga ay manggagaling sa pondong laan sa Operasyon at Mentinansiya ng Tanggapan ng Permiso at Lisensya para sa taong 2000;

*KUNG KAYA'T, DAHIL DITO*, sa mungkahi ng Kgg. Kag. Eugenio A. Javier, Jr., na pinangalawahan ng Kgg. Kag. Louie C. de Leon at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

*PINAGPASIYAHAN*: Na pagtibayin ang sumusunod na:

*KAUTUSAN SA PAGLALAAN BLG. 32-T'2000*

*IPINAG-UUTOS* ng Kgg. Sangguniang Bayan ng Santa Cruz, Laguna na:

*SEKSYON 1* – Ilipat at ilaan ang halagang P19,710.00 mula sa pondo sa Operasyon at Mentinansiya ng Tanggapan ng Permiso at Lisensya na nagkakahalaga ng P26,000.00 upang magamit sa Seminar Workshop ukol sa Binagong Kodigo sa buwis sa ika-4 at 5 ng Disyembre, 2000 sa ikaayos ng badyet sa taong ito.

*SEKSYON 2* – Ang kautusang ito ay magkakabisa matapos na mapagtibay.

*PINAGPASIYAHAN PA RIN: Na* pagkalooban ng kapangyarihan ang Pambayang Pinuno sa Badyet at Pambayang Ingat-Yaman na makapagsagawa ng pamamaraan sa paglalaan ng pondo batay sa mga patakaran at panuntunan sa pagbabadyet at pag-aawdit ayon sa nilalayon ng kautusang ito.

*INIUUTOS:* Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kgg. Sangguniang Panlalawigan, Kgg. Punong Bayan, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Ingat-Yaman at Pambayang Tagatuos, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

*PINAGTITIBAY.*

(karugtong ng Kapasiyahan Big. 345-T'2000)



PINATUTUNAYAN kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

JEANETTE P. ALFONSO
Kalihim ng Sangguniang Bayan

EUGENIO A. JAVIER, JR.
Kagawad

ARIEL T. MAGCALAS
Kagawad

FLORENCIO C. ODEJAR
Kagawad

EDGARDO T. PORCA
Kagawad

RICARDO B. RAMIREZ
Kagawad

JAIME ALEXANDER T. CALUPITAN
Kagawad

BERNARDO E. ISON
Kagawad

ANGELITO U. LIMJUCO
Kagawad

LOUIE C. DE LEON
Kagawad

JEFFREY A. VILLASEÑOR
Kagawad

NAGPATUTOO:

HEIDI S. CIRIACO
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY:

DOMINGO G. PANGANIBAN
Punong Bayan